




'Phase I na Gabay para sa Klinikal na Naaangkop na Paggamit ng Virtual na Pangangalaga para sa Pangunahing Pangangalaga'

MGA GABAY NA PAHAYAG NA ISINASAGAWA


I-download ang 'mga tool' na nauugnay sa Gabay sa ontariohealth.ca/virtualcareguidance

I. Pagpapalano ng Virtual na Pangunahing Pangangalaga

- Natasa ko na kung aling mga virtual na serbisyo ang posibleng makabuti sa aking mga pasyente
- Natukoy ko na ang aking sariling kapasidad, kasanayan, at kaginhawahan sa paghahatid ng virtual na pangangalaga (halimbawa, sa pamamagitan ng telepono, video, secure na pagmemensahe, email)
- Natukoy ko na kung ano ang gagawin ko kung mapag-aalamang hindi angkop o hindi gumagana ayon sa nilalayan ang isang partikular na uri ng virtual na pangangalaga sa panahon ng paggamit nito
-  Naipaalam ko na ang aking intensyong mag-alok ng virtual na pangangalaga para sa aking kasanayan at natiyak ko nang mayroon ng mga kinakailangang kaalaman at kakayahan ang iba pang kasangkot dito
- Nakipag-usap na ako sa aking mga pasyente para maibalangkas ang mga uri ng virtual na pangangalaga na iniaalok ko sa aking kasanayan (tawag sa telepono, video, secure na pagmemensahe, email)

Ang tool na **'Matuto Tungkol sa Mga Opsyon sa Virtual na Pangangalaga'** ay nilalayan para tulungan ang mga clinician at kawani ng tanggapan sa pagpapaalam tungkol sa mga iniaalok na virtual na pangangalaga sa mga pasyente. I-download ang tool na ito sa ontariohealth.ca/virtualcareguidance

II. Pagtatasa, Pagdodokumento, at Pagpapaalam ng Kakayahan ng isang Pasyente na Makatanggap ng Mga Serbisyo sa Virtual na Pangunahing Pangangalaga

-  Natalakay ko na sa aking mga pasyente ang kanilang kaginhawahan, kasanayan, at mga kakayahan sa paggamit ng mga available na opsyon sa virtual na pangangalaga
- Nakapagpaalam na ako ng plano sa pagtugon sa mga hamong nauugnay sa pasyente sa paggamit ng virtual na pangangalaga, kasama ang isang back-up na plano kung sakali mang magkaroon ng mga teknikal na isyu
- Mayroon akong mekanismo para sa pagdodokumento ng kagustuhan ng pasyente at ibinabahagi ko ang impormasyong ito sa mga kinakailangang miyembro ng pangkat
- Kung magkakaroon ng mga pagbabago sa sitwasyon, may paraan ako para sa muling pagtatasa, pagsasadokumento, at pagpapaalam ng anumang naturang pagbabago

Ang tool na **'Checklist para sa Paggamit ng Virtual na Pangangalaga'** ay nilalayong ibahagi sa mga pasyente at magbibigay-daan ito sa kanila na makapag-isip tungkol sa mga kagustuhan at kakayahan nila. I-download ang tool na ito sa ontariohealth.ca/virtualcareguidance

III. Paghahatid ng Virtual na Pangunahing Pangangalaga

- Tinitiyak kong mayroon akong napapanahong kaalaman sa ebidensya/mga nangungunang kagawian na nauugnay sa paghahatid ng virtual na pangangalaga
- Nagbibigay ako ng naaangkop na direksyon at suporta sa mga taong nasa aking kasanayan na sangkot sa paghahatid ng virtual na pangangalaga
- Isinasaalang-alang ko ang dahilan para sa at antas ng pangangailangan ng pakikipag-ugnayan at lumilipat ako sa harapang pakikipag-usap kung hihingin
- Isinasaalang-alang ko ang pagiging kumplikado ng klinikal na presentasyon at pagiging sensitibo ng impormasyon na ibinabahagi sa pakikipag-ugnayan at lumilipat sa harapang pakikipag-usap kung hihingin
- Mayroon akong mekanismo sa pagdodokumento ng mga pakikipag-ugnayan kabilang ang modality na ginagamit alinsunod sa aking mga propesyonal na kinakailangan at magagamit ito